# Jinja

## Puso ng Japan



Jinja Honcho
1-1-2, Yoyogi, Shibuya-ku, Tokyo 151-0053 JAPAN
https://www.jinjahoncho.or.jp

Inilathala noong Marso 2020

# Kami at Jinja





Ang "jinja" ay isang sagradong lugar, na luklukan ng isa o higit pang mga kami.

Hindi maiiwasang mamangha sa iba't-ibang kami, na nangingibabaw sa normal at karaniwang bagay na makikita sa araw-araw, at ito ang dahilan kung bakit natatangi ang mga kami. May iba't-ibang jinja na may kanya-kanyang kami na pinipitagan, at kalimitan ay higit ito sa isang kami, sa iba't-ibang kombinasyon, at ang iba't-ibang aspeto ng parehong kami ay kadalasang binibigyang pansin sa iba't-ibang jinja. Malawak din ang katangian ng mga kami: may mga imahen na nagmumula sa sinaunang alamat ng Japan, may iba na mula sa kasaysayan ng bansa, at may iba naman na kaugnay sa natural na topograpiya, tulad ng mga bundok o ilog.

Ang pinakalumang jinja ay itinatag nang higit sa isang libong taong nakaraan, at may mga nadidiskubre pa hanggang sa kasalukuyan. Ang jinja ay itinatag upang pagsilbihan ng mga pari ang kami sa pamamagitan ng araw-araw at taunang pagdiriwang o "matsuri", na dinadaluhan ng ibang tao, upang gumawa ng kahilingan sa kami, magpasalamat sa mga biyayang natanggap, o di kaya'y magbigay ng respeto.

Hinihikayat ang pagsali, kahit anumang nasyonalidad, edad, kasarian, lahi o relihiyon.

Dahil ang lugar na kinaroroonan ng kami ay isang napakasagradong lugar, kadalasan ay ipinagbabawal ang pagpasok ng mga bisita ng jinja sa bahaging ito, at may kaso din na kung saan hindi pinapayagan na manood. Sa karamihan ng jinja, ito ang gusaling tinatawag na "honden" o main sanctuary, subalit sa ilang jinja ang kami ay maaaring nasa burol, bundok, isla o talon, o di kaya'y sa lawak ng Jinja  na may mga punong-kahoy.

Tulad ng mga kami na pinipitagan nito, may iba't-ibang jinja, at walang bagay sa loob ng libritong ito ang tugma sa paglalarawan sa bawat jinja. Inilalarawan nito ang mga katangian na karaniwang nauukol sa mga jinja, pati mga paraan ng pagbigay ng respeto na halos tinatanggap kahit saan. Subalit, kapag iba ang bagay na ipinapagawa ng pari sa isang jinja, kailangang sundin ang anumang kautusan.

Jinja


# Shinto sa paglipas ng panahon

Noong unang panahon, may paniwala ang mga mamamayan sa mga isla ng Japan na ang kami ay pumapalibot sa natural na kalikasan, at ang pagbigay ng respeto sa kami ay naging bahagi ng araw-araw na kabuhayan. Bagama't maraming biyaya ang dulot ng lipunang ito na base sa pagsasaka ng bigas at pangingisda, nagdudulot din ito ng matinding panganib dala ng pagbaha, lindol, mga sakit, bagyo at pagsabog ng bulkan. Batid ng mga tao ang mga gawa ng kami sa aspeto ng kalikasan, at bilang tirahan ay matatagpuan ito sa mga pinipitagang kabundukan, malalaking bato, punong-kahoy, talon, at iba pang natural na penomena. Hindi naglaon ay itinayo ang permanenteng gusali sa pook ng paggalang. Noong unang panahon, binigyang respeto ng mga tao ang kanilang mga nuno at sinamba bilang kami, at itinuring din na kami ang mga taong nagdulot ng malaking kontribusyon sa ikabubuti ng komunidad.

Kaiba sa ibang relihiyon noon, walang kinikilalang founder o nagtatag ng shinto, na nagmula at lumawak sa ugnayan ng mga mamamayan ng Japan noon sa natural na kalikasan at iba pang mga taong nasa palibot.

Ang pagbigay ng respeto sa kami ay ipinapahayag sa pagdaos ng mga pagdiriwang o matsuri, na naglalarawan sa tradisyunal na kultura ng Japan, at pagbigay pansin sa halaga sa pagtatanim ng bigas. Sa pagsapit ng tagsibol (spring), ipinagdadasal ng komunidad ang pagkakaroon ng masaganang ani, at sa tag-init (summer) ay ipinapanalangin ang mabuting kalusugan. Sa panahon ng taglagas (autumn) ay nagpapasalamat ang mga tao sa natanggap na ani, at pagsapit ng taglamig (winter) ay nagpapaalam sa nakaraang taon at pagsalubong sa bagong taon.

Karamihan sa mga matsuri na nabanggit ay itinuturing na malaking pagdiriwang para sa buong komunidad, kung saan maraming tao ang nagtitipon upang ipagdiwang ito sa grounds ng jinja, habang isinasagawa ang mga seremonya sa loob nito. Minsan ay nililipat ang kami sa "mikoshi", na pinapasan para sa prusisyon sa komunidad, kasabay ng masiglang sigaw at saya ng mga residente.




# Pagpasok sa Jinja

Ang jinja at ang lupang nasa paligid nito ay itinuturing na tahanan ng kami. Kailangang igalang ito tulad ng paggalang na ipinapakita sa isang mahalagang tao sa pagbisita sa tahanan nito.


## Torii

May istrakturang nakatayo sa pasukan patungo sa loob ng jinja na kung tawagin ay torii. Ito ay nagsisilbing hangganan o border sa pagitan ng sagradong lugar ng jinja at karaniwang mundo sa labas nito, kung saan karamihan sa mga tao ay humihinto upang ibaba nang kaunti ang ulo sa pagyuko bilang paggalang bago pumasok sa loob.



## Purification Font


Dahil napakahalaga sa Shinto ang pagiging puro o wagas, may nakalagay na water font sa karamihan sa mga jinja, na maaaring gamitin para maging wagas bago umpisahan ang pagsamba. Una sa lahat ay kailangang hawakan ang ladle o panandok sa kanang kamay, at hugasan ang kaliwang kamay. Pagkatapos ay hawakan ito sa kaliwang kamay at hugasan ang kanang kamay. Pagkatapos nito ay ibuhos ang kaunting dami ng tubig sa palad ng kaliwang kamay, at gamitin ito sa pagbanlaw sa bibig. Huwag ilapat ang ladle o panandok sa sariling bibig, at idura ang tubig sa paanan ng water font, at hindi sa loob nito. Sa panghuli, banlawan uli ang kaliwang kamay, at pagkatapos ay ibalik sa dating lagayan ang panandok.





## Koma Inu

Makikita ang dalawang pares ng rebulto ng hayop sa paligid ng karamihan sa mga jinja. Ang karaniwang nakalagay ay ang estatua ng hayop sa alamat o mitolohiya na kung tawagin ay "koma inu, na parang hawig sa isang leon. Makikita din sa ibang jinja ang estatua ng mga hayop na kaugnay sa sinasambang kami, tulad ng alamid, lobo, o mga unggoy, na nagsisilbing tagapagtanggol ng jinja laban sa masasamang espiritu.



# Pagbibigay ng respeto

Sa pagbisita sa isang jinja, kailangang magbigay muna ng respeto sa kami, bago gawin ang panonood sa loob ng jinja.

Ang daanan mula sa torii ay humahantong sa lugar na kung saan maaaring gawin ito, at karaniwan ay nasa harap ng gusali. Sa maliliit na jinja, maaaring ang lugar na ito ay nasa main sanctuary, subalit sa mas malalaking jinja ay nakapuwesto ito sa prayer hall, o "haiden". Kung may prayer hall, ang main sanctuary ay karaniwang nasa likod nito. Hindi maaaring pumasok sa prayer hall nang walang pahintulot, at karamihan sa mga bisita ay nagbibigay ng respeto mula sa labas.

Karaniwan ay may nakalagay na offering box at kampana sa harapan. Ang tunog ng kampana ay sinasabing may epekto sa pagiging puro o wagas, at ang paghulog ng kaunting halaga bilang pag-alay o offering ay nagpapahayag ng respeto sa kami.







## Tamang asal o etiketa

- Tumayo nang matuwid, paharap sa prayer hall o sanctuary.
- Maglagay ng barya sa offering box, kung nais magbigay ng alay, at alugin ang lubid para tumunog ang kampana, kung mayroon man.
- Yumuko nang mababa, at gawin ito nang dalawang beses.
- Tumayo uli nang matuwid, at ilagay ang magkabilang palad ng kamay sa harap ng dibdib.
- Pumalakpak nang dalawang beses upang ipakita ang pagrespeto.
- Maaaring magdasal nang tahimik, kung nais gawin ito.
- Yumuko nang mababa nang isang beses.



# Paglapit

Kung nais gumawa ng isang kahilingan sa kami, maaaring makiusap sa opisina ng jinja para gawin ang isang pormal na seremonya, na kung tawagin ay “gokito”, na isinasagawa sa prayer hall. Kung may mga kawani ang jinja, ang opisina nito ay karaniwang malapit sa prayer hall.

Karamihan sa mga pari ay nakakapagsalita ng wikang Hapon lamang, subalit maaaring may nakahandang paraan upang maisagawa ang gokito para sa mga taong hindi nakakaintindi ng wikang Hapon.

Kailangang magbigay ng alay o offering upang maisagawa ang pormal na gokito. Sa panahon ngayon, kalimitan ay cash ang ginagawang alay, na kailangang ibigay sa pari habang hinahanda ang gokito. Ang halaga ng alay ay depende sa jinja at sa gokito, at ipapaalam ng isang kawani ang naaangkop na halaga. Karamihan sa Hapon ay nagbibigay ng ilang libong yen, o di kaya'y ilang sampung libong yen para sa mga espesyal na okasyon.

Ang gokito ay isinasagawa para sa anumang kahilingan, subalit ang karaniwang hinihiling ay ang sumusunod:

- Ligtas na pagbiyahe
- Mabuting kalusugan
- Tagumpay sa negosyo
- Tagumpay sa pag-aaral
- Masayang tahanan
- Bagong relasyon (romantiko, negosyo, karera, at iba pa)






Kapag may bagong sanggol na isinilang sa pamilyang Hapon, kadalasan ay dinadala ng pamilya ang sanggol sa jinja na nasa lokalidad para gawin ang seremonyang tinatawag na hatsumiyamairi ("unang pagbisita sa jinja"), o di kaya'y mga batang nasa edad na tatlo, lima o pitong taong-gulang para sa seremonya ng shichi-go-san ("pito-lima-tatlo") sa panahon ng taglagas (autumn). Maaaring makita ito sa pagbisita sa isang jinja.

Maaari din na ipagawa ang seremonya para magbigay ng respeto sa kami kahit na walang natatanging kahilingan.

Sa halos alinmang jinja, karaniwan ay kailangang maghintay bago maisagawa ang gokito: malamang ay kailangan ng pari ang panahon para maihanda ito, o di kaya'y kailangang maghintay na matapos ang ibang grupo ng tao.

Karaniwan ay kailangang tanggalin muna ang sapatos bago pumasok sa isang tradisyunal na gusaling Hapon, at karamihan sa mga jinja ay masyadong tradisyunal. Subalit, may mga exceptions din, kaya kailangang sundin ang anumang kautusan ng pari.

Sa karamihan ng mga jinja, rekomendado ang presentableng pananamit para sa gokito, tulad ng long-sleeves at pantalon, o palda. Maaaring hindi maisagawa ang gokito kapag hindi naaangkop ang suot na damit.



# Gokito

Ang gokito ay sumusunod sa parehong kayarian tulad ng lahat ng seremonya sa jinja, na kung tawagin ay matsuri. Ang sumusunod ay naglalarawan sa daloy na maaaring asahan.

## Pagiging wagas

Sa Shinto, pinapaniwalaan na napupulot ng tao ang karumihan sa araw-araw na pamumuhay, mula sa mga bagay na ginagawa, o di kaya'y sa mga bagay na nangyayari sa sarili, tulad ng pagkakasakit o natural na kalamidad. Ang paggawa ng purification o paglilinis sa sarili na kung tawagin ay "oharai", ay isang sentrong bahagi ng bawat seremonya ng Shinto. Sa ganitong paraan ay pinapaniwalaan na naibabalik o naitutuwid uli ang tao sa dating anyo o estado, upang ipagpatuloy ang aktibong papel sa lipunan. Ang lahat ng tao at bagay ay kailangang maging wagas bago umpishan ang matsuri. Ito ay tinatawag na "oharai" sa wikang Hapon. Sa karamihan sa mga jinja, may pari na gagawa ng maikling purification prayer, at pagwagayway ng "ohnusa" sa mga tao at mga alay na bahagi ng matsuri, tulad ng nasa larawan. May ilang jinja na gumagamit ng sanga ng evergreen tree na may mga dahon. Kailangang iyuko ang ulo habang isinasagawa ng pari ang seremonya sa pagiging wagas.



## Alay

Ang pagbigay ng alay sa kami ay isang bahagi ng seremonya. Maaaring ilapag ito sa harap ng kami sa oras ng seremonya, o di kaya'y nakahanda na bago mag-umpisa ang seremonya. Karaniwang ginagamit ang bigas, sake, rice cakes, isda, gulay, prutas, asin at tubig sa pag-aalay.

## Dasal

Ang pari na gagawa ng seremonya ay lalapit sa harap ng kami at bibigkas ng isang dasal, na kung tawagin ay "norito" sa wikang Hapon. Ang dasal na ito ay nakasulat sa sinaunang wikang Hapon, na gagamitin upang maiparating sa kami ang mga kahilingan. Kailangang iyuko ng lahat ng partisipante ang ulo habang isinasagawa ang pag-alay sa norito.






Jinja

## Pagbigay ng respeto

Pagkatapos gawin ang norito, ang lahat ay magbibigay ng respeto sa kami. Ipinapatupad dito ang tamang asal o etiketa tulad ng nabanggit sa dokumentong ito, at maaaring gawin ang pag-alay ng maliit na sanga ng evergreen tree na may makitid na papel na nakatali, na kung tawagin ay "tamagushi". Una sa lahat, hawakan ito nang pataas at siguruhing nakatutok ang mga dahon sa sariling dibdib, habang tahimik na isinasagawa ang pagdadasal. Sa paglapag ng tamagushi sa ibabaw ng mesa, kailangang nakatutok ang tangkay nito sa kabilang direksiyon mula sa katawan, habang nakatutok ang mga dahon sa sarili. Bagama't karaniwan ay isang miyembro lamang ng grupo ang mag-aalay ng tamagushi para sa lahat, kailangang yumuko ang lahat ng miyembro at pumalakpak pagkatapos gawin ang alay.



## Sagradong sayaw

Sa malalaking jinja, maaaring gawin ng mga miko o female attendants ang pagsayaw ng sagradong sayaw na kung tawagin ay "kagura", bago magbigay ng respeto. Sa ilang jinja, maaaring hilingin ang serbisyong ito, o maaari din na kasali ito sa regular na seremonya. Subalit sa kaso ng maliliit na jinja, karaniwan ay walang mga miko na maaaring gumawa ng mga sayaw.

# Pagdala sa sariling tahanan

Maraming paraan ang ipinagkakaloob ng jinja upang mapanatili ang bisa ng kami sa sarili. Kailangang magbigay ng kaunting alay para sa alinman, at itinatakda ng karamihan sa mga jinja ang naaangkop na halaga.




## Ofuda

Ang ofuda ay ginagamit upang magbigay pitagan sa kami sa sariling tahanan, at may mga taong nagsasabi na ang espiritu ng kami ay lumalagi sa sarili. Kung titingnan, ito ay isang tableta o kuwadradong bagay kung saan nakasulat ang pangalan ng kami o jinja, at makikita ito sa iba't-ibang laki o sukat.




## Anting-anting (Omamori)

Ang "omamori" ay maliliit na anting-anting, na sinasabing naglalaman ng espiritu ng kami. Karaniwan ay pinipili ang isang omamori na nababagay sa ginawang kahilingan sa kami, at dalhin ito sa sarili.

Ang omamori ay ipinagkakaloob sa parehong lawak ng kahilingan tulad ng gokito, at kapag isinagawa ang gokito, karamihan sa mga jinja ay magbibigay ng naaagkop na omamori pagkatapos ng seremonya.

Ito ay may iba't-ibang hugis, at ang karamihan ay mga supot na may makulay na disenyo, na naglalaman ng sagradong tabletang gawa sa kahoy. Hindi dapat buksan o tingnan ang loob nito.

Ang omamori ay nababagay bilang regalo sa mga kaibigan o kapamilya na masisiyahan sa biyayang handog ng kami.








## Kapalaran (Omikuji)

Maraming bisita sa jinja ang bumubunot ng Japanese fortunes o omikuji na nasa wikang Hapon.




## Votive Tablets (Ema)

Ang ema ay maliliit na tabletang gawa sa kahoy na ginagamit sa paggawa ng kahilingan sa kami. May larawan sa isang panig nito, at may bahagi na kung saan maaaring sulatan sa kabila. Pagkatapos sulatan ay isinasabit ang ema sa itinakdang lugar sa jinja. Karamihan sa jinja ay naglalaan ng ballpen o panulat. Hindi tulad ng ibang bagay dito, ang ema ay kalimitang iniiwan sa jinja.



## Goshuin

Karamihan sa mga jinja ay magbibigay ng goshuin bilang talaan ng pagbisita sa jinja at pagbigay ng respeto sa kami. Ito ay isang pulang stampa sa piraso ng papel, na karaniwang may pangalan ng jinja, at ang petsa ay nakasulat sa kamay sa kulay itim. Ang bawat jinja ay may kanya-kanyang scarlet seal at ang pagkakasulat ay palaging naiiba, kung kaya may mga tao sa Japan ang gumagawa ng koleksiyon nito sa isang espesyal na librong tinatawag na "goshuincho".

Ang goshuin ay isang talaan ng pagbisita sa jinja, kung kaya hindi nababagay bilang regalo.

